

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Kailanan ng Pang-uri (Mga Sagot)

Isulat sa patlang ang titik I kung ang kailanan ng pang-uring may salungguhit ay **isahan**, D kung ito ay **dalawahan**, at M kung ito ay **maramihan**.

- D 1. Ang dalawang manlalaro ng basketbol ay magsingtangkad.
- I 2. Ang limang turista ay umakyat sa mataas na bundok.
- M 3. Malulusog ang mga alagang hayop ni Mang Berting.
- I 4. Mahapdi pa rin ang sugat ni Henry sa tuhod.
- D 5. Si Juan ay kasingkupad ni Jerry magtrabaho.
- M 6. Ang mga mag-aaral ni Ginang Romero ay magagalang.
- D 7. Kapwa malikhain ang kambal na sina Lauren at Louise.
- I 8. Ang gamot na ininom ni Maricel ay mabisa.
- I 9. Hindi sanay sa maginaw na klima ang mga hayop.
- M 10. Maaanghang ang mga ulam dito sa Bikol.
- D 11. Magkasinghusay sina Maria at Michelle sa pagguhit.
- M 12. Ang mga malalagong halaman sa hardin ay inaalagaan ni Lara.
- M 13. Ang mga tanawin sa Pilipinas ay magaganda.
- I 14. Suot ni Pamela ang isang magarang blusa.
- D 15. Magkamukha ang dalawang pusa ni Helen.